# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 84*

***"42 Bigyan mo ang sa iyo'y humihingi, at huwag mong talikdan ang sa iyo'y nangungutang." (Mateo 5:42 KJV)*** Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito upang salitain ang tungkol sa pagbibigay mula sa sinabi ni Jesus, ***"Bigyan mo ang sa iyo'y humihingi"***

Minsan maaring kailangan nating tumulong sa ibang mga kapisanan ng simbahan kapag may pangangailangan. Ang mga alagad sa Antioquia sila'y kumilos upang tulungan ang mga Kapatid sa Jerusalem matapos nilang marinig ang propesiya tungkol sa papalapit na taggutom gaya ng mababasa natin dito, ***"27 Nang mga araw ngang ito ay may lumusong sa Antioquia na mga propetang galing sa Jerusalem. 28 At nagtindig ang isa sa kanila na nagngangalang Agabo, at ipinaalam sa pamamagitan ng Espiritu na magkakagutom ng malaki sa buong sanglibutan: na nangyari nang mga kaarawan ni Claudio. 29 At ang mga alagad, ayon sa kaya ng bawa't isa, ay nangagpasiyang magpadala ng saklolo sa mga kapatid na nanananahan sa Judea: 30 Na siya nga nilang ginawa, na ipinadala nila sa mga matanda sa pamamagitan ng kamay ni Bernabe at ni Saulo." (Mga Gawa 11:27-30 KJV)*** Ang tulong ay ipinadala dito sa mg kapatid sa Judea; malamang dahil sila'y naapektuhan nang husto, dahil sa pag aaklas na ginagawa ng mga Judio laban sa kanila upang hadlangan ang evangelio na maipangaral. Kaya, tayo ay tinawag upang tulungan ang mga pinag uusig alang alang sa evangelio. Nalaman natin mula sa Banal na Kasulatang ito na ang pagtulong ay ipinadala mula sa pangkat ng mga kapatid upang alalayan ang pangangailangan. Kaya't ang pasanin ay mas mabuting pasanin ng isang pangkat o ng buong kapisanan kaysa sa isang tao lamang.

Ang ating kusang loob bilang simbahan ay panatilihin ang 5% ng paglilikom ng simbahan upang ilipat sa limos na ang layunin ay tulungan ang mga kapatid na naapektuhan ng kakulangan ng mapagkukunan.

Marami pang Kasulatan nasa Bagong Tipan, na isinulat ni Apostol Pablo sa ilang mga simbahaan upang likumin at itabi para tulungan ang mga kapatid na nangangailanhan gaya ng mababasa natin dito:

***1. "24 Pagparoon ko sa Espana ay pariririyan ako (sapagka't inaasahan kong makikita ko kayo sa aking paglalakbay, at ako'y sasamahan ninyo patungo doon, pagkatapos na magkamit ng kaunting kasiyahan sa pakikisama sa inyo).25 Nguni't ngayon, sinasabi ko, ako'y pasasa-Jerusalem, upang mamahagi sa mga banal. 26 Sapagka't minagaling ng Macedonia at ng Acaya na gumawa ng isang ambagang laan sa mga dukha sa mga banal na nasa Jerusalem, 27 Oo, ito'y kalugodlugod sa kanila; at sila'y may utang na loob sa kanila. Sapagka't kung ang mga Gentil ay naging mga kabahagi sa kanilang mga bagay na ayon sa Espiritu, nararapat naman nilang paglingkuran ang mga yaon sa mga bagay na ayon sa laman. 28 Kung maganap ko nga ito, at aking matatakan na sa kanila ang bungang ito, ay magdaraan ako sa inyong patungo sa Espana." (Roma 15:24-28 KJV)*** Sinasabi dito ni Pablo ang tungkol sa pamamahagi ng mga kapatid sa Macedonia at Achaia sa mga mahihirap na mga banal sa Jerusalem. Ang mga simbahang iyon ay inaalalayan ng aral na nagmula sa mga apostol sa Jerusalem at ngayon ang kanilang pagbabalik sa paglilingkod sa mga apostol sa materyal na mga bagay.

***2. "1_Ngayon tungkol sa ambagan sa mga banal, ay gawin din naman ninyong gaya ng iniutos ko sa mga iglesia ng Galacia. 2 Tuwing unang araw ng sanglinggo ang bawa't isa sa inyo ay magbukod na magsimpan, ayon sa kaniyang iginiginhawa, upang huwag nang gumawa ng mga ambagan sa pagpariyan ko. 3 At pagdating ko, ang sinomang inyong mamagalingin, ay sila ang aking susuguin na may mga sulat upang makapagdala ng inyong abuloy sa Jerusalem: 4 At kung nararapat na ako naman ay pumaroon, sila'y isasama ko." (1 Corinto 16:1-4 KJV)*** Dito ay nagbigay ng tagubilin si Pablo sa mga simbahan ng taga Galacia at Corinto upang lingguhang maglikom at ihanda ang salapi na maipadala para alalayan ang mga banal sa Jerusalem na nangangailangan. Ito ay utang ng mga simbahang Gentil sa mga banal sa Jerusalem na sa pamamagitan nila ang mga simbahang iyon ay itinanim at ngayon ay binabayaran nila ang mga ito sa kung ano ang kanilang itinanim sa kanila mula sa espirituwal na mga binhi.

***3. "1 Bukod dito, mga kapatid, ay ipinatatalastas namin sa inyo ang biyaya ng Dios na ipinagkaloob sa mga iglesia ng Macedonia; 2 Kung paanong sa maraming pagsubok sa kapighatian ang kasaganaan ng kanilang katuwaan at ang kanilang malabis na karukhaan ay sumagana sa kayamanan ng kanilang kagandahang-loob. 3 Sapagka't ayon sa kanilang kaya, ay nagpapatotoo ako at higit pa sa kanilang kaya, ay nagsiabuloy sila sa sariling kalooban, 4 Na lubhang ipinamamanhik sa amin ang tungkol sa biyayang ito at sa pakikisama sa pangangasiwa ng mga abuloy sa mga banal:" (2 Corinto 8:1-4 KJV)*** Iminungkahi ni Pablo dito ang mga simbahan sa Macedonia para sa kanilang pagibig sa pagbibigay; kahit na sila ay mayroong kakaunti; ngunit handa silang magbigay tulong sa mahihirap na mga banal sa Jerusalem na pinag usig at nag ambag ng malaki sa mga pagtatanim sa lahat ng mga simbahang iyon. Ang Simbahan sa Jerusalem ay ina ng simbahan at ngayon nang ang simbahang iyon ay nangangailangan dahil sa pag uusig ang ibang mga simbahan na itinayo ng simbahang iyon ay tumugon sa panawagan na manglikom para sa mga banal at ipadala sa kanila ang suporta upang makapagpatuloy sila sa pangangaral ng evangelio at abutin at hikayatin ang bagong mga tao.

***4. "1 Sapagka't tungkol sa pangangasiwa ng mga abuloy sa mga banal, ay kalabisan na sa akin ang isulat ko pa. 2 Sapagka't nakikilala ko ang inyong sikap, na aking ipinagmamapuri tungkol sa inyo sa mga taga Macedonia, na ang Acaya ay nahahandang isang taon na; at ang inyong pagsisikap ay nakapagudyok sa lubhang marami sa kanila. 3 Datapuwa't sinugo ko ang mga kapatid, upang ang aming pagmamapuri dahil sa inyo ay huwag mawalan ng kabuluhan sa bagay na ito; na, ayon sa aking sinabi, kayo'y mangakapaghanda: 4Baka sakaling sa anomang paraan kung magsirating na kasama ko ang ilang taga Macedonia at kayo'y maratnang hindi nangahahanda, kami (upang huwag sabihing kayo) ay mangapahiya sa pagkakatiwalang ito. (2 Corinto 9:1-4 KJV)*** Dito ginamit ni Apostol Pablo ang mabuting halimbawa ng mga kapatid sa Macedonia upang pakilusin ang mga kapatid na taga-Corinto na gawin din ito, lalo na sinabi dito ni Pablo sa kanila na sinabi na niya ang mabubuting bagay sa mga taga-Macedonia tungkol sa mga taga-Corinto at kung paanong sila'y handa sa ganoon, kaya ngayon kung ang mga kapatid sa Macedonia ay pupuntang kasama niya sa simbahan sa Corinto at masusumpungang hindi sila handa, kung gayon si Pablo at ang mga kasama niya ay mapapahiya. Kaya patuloy tayong magsikap na magbigay sa mahihirap at nangangailangan.

Mababasa pa natin sa Banal na Kasulatan ang tungkol sa kung paanong tayo ay makakapaglingkod sa mga nangangailangan. May isang balo na isinugo ng Dios si Elias sa kanya at kung paano siya'y naglingkod sa kanya, gaya ng mababasa natin dito: ***"8 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya, na sinasabi, 9 Ikaw ay bumangon, paroon ka sa Sarepta, na nauukol sa Sidon, at tumahan ka roon: narito, aking inutusan ang isang baong babae roon na pakanin ka. 10 Sa gayo'y bumangon siya, at naparoon sa Sarepta; at nang siya'y dumating sa pintuan ng bayan, narito, isang baong babae ay nandoon na namumulot ng mga patpat: at tinawag niya siya, at sinabi, Isinasamo ko sa iyo na dalhan mo ako ng kaunting tubig sa inuman, upang aking mainom. 11 At nang siya'y yumayaon upang kumuha, tinawag niya siya, at sinabi, Dalhan mo ako, isinasamo ko sa iyo, ng isang subong tinapay sa iyong kamay. 12 At kaniyang sinabi, Ang Panginoon mong Dios ay buhay, ako'y wala kahit munting tinapay, kundi isang dakot na harina sa gusi, at kaunting langis sa banga: at, narito, ako'y namumulot ng dalawang patpat, upang ako'y pumasok, at ihanda sa akin at sa aking anak, upang aming makain, bago kami mamatay. 13 At sinabi ni Elias sa kaniya, Huwag kang matakot; yumaon ka, at gawin mo ang iyong sinabi, nguni't igawa mo muna ako ng munting tinapay, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak. 14 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoon sa ibabaw ng lupa. 15 At siya'y yumaon, at ginawa ang ayon sa sabi ni Elias: at kumain ang babae, at siya, at ang kaniyang sangbahayan na maraming araw. 16 Ang gusi ng harina ay hindi nakulangan, o ang banga ng langis man ay nabawasan, ayon sa salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Elias. 17 At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na ang anak na lalake ng babae, na may-ari ng bahay ay nagkasakit; at ang kaniyang sakit ay malubha, na walang hiningang naiwan sa kaniya. 18 At sinabi niya kay Elias, Ano ang ipakikialam ko sa iyo, Oh ikaw na lalake ng Dios? ikaw ay naparito sa akin upang ipaalala mo ang aking kasalanan, at upang patayin ang aking anak! 19 At sinabi niya sa kaniya, Ibigay mo sa akin ang iyong anak. At kinuha niya sa kaniyang kandungan, at dinala sa silid na kaniyang tinatahanan, at inihiga sa kaniyang sariling higaan. 20 At siya'y dumaing sa Panginoon, at nagsabi, Oh Panginoon kong Dios, dinalhan mo rin ba ng kasamaan ang bao na aking kinatutuluyan, sa pagpatay sa kaniyang anak? 21 At siya'y umunat sa bata na makaitlo, at dumaing sa Panginoon, at nagsabi, Oh Panginoon kong Dios, idinadalangin ko sa iyo na iyong pabalikin sa kaniya ang kaluluwa ng batang ito. 22 At dininig ng Panginoon ang tinig ni Elias; at ang kaluluwa ng bata ay bumalik sa kaniya, at siya'y muling nabuhay. 23 At kinuha ni Elias ang bata, at ibinaba sa loob ng bahay na mula sa silid, at ibinigay siya sa kaniyang ina: at sinabi ni Elias, Tingnan mo, ang iyong anak ay buhay. 24 At sinabi ng babae kay Elias, Ngayo'y talastas ko na ikaw ay lalake ng Dios, at ang salita ng Panginoon sa iyong bibig ay katotohanan." (1 Hari 17:8-24 KJV)*** Dito ipinadala si Elias sa balong iyon upang pakainin sa kanyang bahay. Matutunan natin sa salaysay na ito kung paano nating mapangasiwaan ang mga tao at ituwid sila sa kung anong ipinapatnubay sa atin ng Dios na gawin sa kanila. Mula sa totoong salaysay na ito mapapagpasyahan natin ang sumusunod mga aral:

***1. <u>Ang pagkilala sa mga tao at pagkilala sa kanilang buhay ay isang pagkakataon para sa atin na maglingkod sa kanila</u>: "8 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya, na sinasabi, 9 Ikaw ay bumangon, paroon ka sa Sarepta, na nauukol sa Sidon, at tumahan ka roon: narito, aking inutusan ang isang baong babae roon na pakanin ka." (1 Hari 17:8-9 KJV)*** Ipinadala ng Dios si Elias sa balong iyon dahil sa taggutom, at ang kalooban ng Dios ay ang balong iyon ang magpakain sa lalaki ng Dios, Pinagtibay iyon ni Jesus sa Bagong Tipan, na si Elias ay isinugo sa balon iyon na Gentil, ***"25 Datapuwa't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maraming mga baong babai sa Israel nang mga araw ni Elias, nang sarhan ang langit sa loob ng tatlong taon at anim na buwan, noong datnan ng malaking kagutom ang buong sangkalupaan; 26 At sa kanino man sa kanila ay hindi sinugo si Elias, kundi sa Sarepta sa lupa ng Sidon, sa isang babaing bao." (Lucas 4:25-26 KJV)***

***2. <u>Ang pagsunod sa tinig ng Dios ay magbubukas sa atin ng pagkakataon upang maglingkod at mamunga</u>: "10 Sa gayo'y bumangon siya, at naparoon sa Sarepta; at nang siya'y dumating sa pintuan ng bayan, narito,***

***isang baong babae ay nandoon na namumulot ng mga patpat: at tinawag niya siya, at sinabi, Isinasamo ko sa iyo na dalhan mo ako ng kaunting tubig sa inuman, upang aking mainom." (1 Hari 17:10 KJV)*** Si Elias ay sumunod sa Dios at pumunta at nagawang makilala ang balo na isinugo siya ng Dios sa kanya.

***3. Magpakumbaba at huwag umasa sa iyong sariling kaunawaan:*** Si Elias sa pagiging lalaki ay hindi tinanggihan ang alok ng Dios na pakainin siya ng babaeng balo. Hindi umasa si Elias sa kanyang sariling kaunawaan tungkol sa kung paanong ipamuhay ang kanyang buhay at kung paanong maglingkod sa Dios.

***4. Ang pagbibigay ng Salita ng Dios at turuan ang mga tao sa kalooban ng Dios ay ang pangunahing kailangan ng mga tao sa kanilang buhay: "11 At nang siya'y yumayaon upang kumuha, tinawag niya siya, at sinabi, Dalhan mo ako, isinasamo ko sa iyo, ng isang subong tinapay sa iyong kamay. 12 At kaniyang sinabi, Ang Panginoon mong Dios ay buhay, ako'y wala kahit munting tinapay, kundi isang dakot na harina sa gusi, at kaunting langis sa banga: at, narito, ako'y namumulot ng dalawang patpat, upang ako'y pumasok, at ihanda sa akin at sa aking anak, upang aming makain, bago kami mamatay. 13 At sinabi ni Elias sa kaniya, Huwag kang matakot; yumaon ka, at gawin mo ang iyong sinabi, nguni't igawa mo muna ako ng munting tinapay, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak." (1 Hari 17:11-13 KJV)*** Si Elias ay masigasig na ibigay sa babaeng ito ang Salita ng Dios na isinugo siya ng Dios upang sabihin sa kanya. Ngayon ang balong ito ay nangangailangan, at maaring inaasahan niya na babayaran siya ni Elias at magbibigay sa kanya ng isang bagay para sa tubig na ibibigay niya sa kanya, ngunit dito humingi si Elias sa kanya na bigyan siya ng pagkain, at sa kanya'y sumagot na wala siyang sapat para sa kanyang sarili at sinabi pa niya sa kanya na siya at ang kanyang anak ay mamamatay dahil sa kawalan ng pagkain sa kanilang bahay. Ngunit si Elais ay patuloy pa ring nagpumilit sa kanya na bigyan siya una gaya ng sinabi ng Dios. Ngayon kaugnay sa salaysay na ito sa sinabi ni Jesus, ***"Bigyan ang sa inyo ay humihingi"***; totoo na kailangan nating bigyan ang mga taong nangangailangan, maaring bigyan natin sila ng pagkain at ibang kailangan gaya ng hinihingi nila, ngunit kailangan pa rin nating suriin ang mga ito at bukod doon kailangan pa rin nating sabihin sa kanila ang inaasahan ng Dios mula sa kanila na ibalik sa Kanya at sa Kanyang simbahan . * Nakilala ko ang ilang mga taong nangangailangan, at ginagawa ko ang lahat ng nais ng Dios na gawin para sa kanila, pati na rin itinuturo ko sa kanila ang kailangan nilang upang ibalik sa Dios habang pinagpapala Niya sila upang ang Kanyang pagpapala ay dumaloy sa kanilang buhay.

Ang balong ito kahit papaano ay may pagkain siya ngunit si Elias ay walang walang pagkain. Ang ibig kong sabihin na maraming beses iniisip ng mga tao na wala sila, ngunit hindi nila batid na sila'y mas mabuti kaysa sa marami. Ang ating pananagutan bilang simbahan ay kailangan nating ibigay sa kanila ang Salita ng Dios at turuan sila ng Kanyang kalooban.

***5. Ang mahihirap ay hindi dapat manatiling mahirap*** *(Ito ang aking sikat na kasabihan)* ***kaya kailangan nating turuan sila: "14 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoon sa ibabaw ng lupa. 15 At siya'y yumaon, at ginawa ang ayon sa sabi ni Elias: at kumain ang babae, at siya, at ang kaniyang sangbahayan na maraming araw. 16 Ang gusi ng harina ay hindi nakulangan, o ang banga ng langis man ay nabawasan, ayon sa salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Elias." (1 Hari 17:14-16 KJV)*** Ang plano at pangako ng Dios para sa balong iyon ay palaging magkaroon ng sapat sa kanyang sanbahayan at sa kanyang pamilya. Ipinaliwanag ni Elias sa kanya na pagkatapos niyang sumunod sa Dios at ibigay sa kanya, ang pagkain sa kanyang bahay ay hindi hihinto. Nang lubos siyang sumunod tinupad ng Dios ang Kanyang Salita at ang kasaganaan ay naroon sa kanyang bahay.

* Isa sa mga aral na itinuturo ko sa lahat ng aking nakakasalumuha at mga disipulo ay ang pagtuturo ng pagbibigay sa Dios, pagsisimula sa pagbibigay ng kanilang puso, pagbibigay sa kanilang buhay, mapagkukunan, pagkatapos ng ang kanilang ikapu, ang kanilang iba't ibang mga handog at panata at ang pagbibigay ng kanilang unang bunga. * Ngayon kapag nakatagpo ko na ang mga taong nangangailangan at ang mga mahihirap, mas higit na itinuturo ko sa kanila ang tungkol sa pagbibigay sa Dios, lalo na kanilang ikapu, dahil iyon ang magbubukas ng bintana ng Langit sa kanila, ang mga mananakmal (mga multa, parusa, aksindente, karamdaman, atbp) ay sasawayin at ang mga taong nakapalibot sa kanila ay makikita na sila'y pinagpala ng Panginon gaya ng ipinangako Niya, ***"10 Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan. 11 At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, 12 At tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad: sapagka't kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." (Malakiac 3:10-12 KJV)*** Ang mga mahihirap ay hindi dapat manatiling mahirap at ang paraan upang makamit iyon ay pamamagitan ng kanilang pagsunod sa Dios. Nang hiningian ako ng mga mahihirap na bigyan sila ng tulong, Binigyan ko sila ng kailangan nila at tinuruan ko sila na ibigay ang nararapat sa Dios. Maraming bilang sa kanila ang tumugon, at sila ay hindi na nangangailangan, at maayos na tinutustusan ng Panginoon gaya ng

balong iyon, ngunit kakaunti ang ayaw, at natagpuan ko pa rin sila na nahihirapan hanggang sa ngayon sa problema sa pananalapi.

Upang sabihin ko sa inyo ang katotohanan, kasunod nito ay imposibleng makipagtulungan sa mga taong hindi handang magbigay sa Dios; palagi silang nangangailangan at palagi silang nasa kaguluhan.

Ang mga dukha ay hindi dapat manatiling dukha at ito ay matutupad una sa pagtuturo sa kanila tungkol sa pagbibigay at maging matibay sa kanila gaya ni Elias na matatag sa balo nang sinabi niya, ***"ngunit igawa mo ako ng munting tinapay, at ilabas mi sa akin at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak." (1 Hari 17:13 KJV)*** Kailangan nating simulang turuan ang mga tao mula sa unang araw na nakilala sila. Ang balong iyon ay nanampalataya sa Dios at ang patunay niyon ay ang sinabi niya kay Elias, ***"Ang PANGINOON mong Dios ay buhay," (1 Hari 17:12 KJV)*** Kaya kapag ipinahayag ng mga tao ang kanilang pananampalataya sa Dios, kailangang turuan natin sila na ibigay ang nararapat sa Panginoon upang ang kahirapan ay iwanan sila.

***6. <u>Ang karagdagang mga pagtuturo at pagsubaybay ay kailangan</u>: "17 At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na ang anak na lalake ng babae, na may-ari ng bahay ay nagkasakit; at ang kaniyang sakit ay malubha, na walang hiningang naiwan sa kaniya. 18 At sinabi niya kay Elias, Ano ang ipakikialam ko sa iyo, Oh ikaw na lalake ng Dios? ikaw ay naparito sa akin upang ipaalala mo ang aking kasalanan, at upang patayin ang aking anak!" (1 Hari 17:17-18 KJV)*** Dito ang babae ay may kasalanan sa kanyang buhay na ginawa niya sa nakaraan, at sa paglipas ng panahon na namumuhay si Elias kasama niya malamang nalaman niya ang tungkol sa kabanalan at ang mga kasalanan na ginawa niya sa kanyang buhay. Ang kasalanan ay maghahantong sa kamatayan; at ngayon napapagtanto niya na ang kasalanan ay magdadala sa paghatol ng Dios at iyon ang nagdulot ng kamatayan sa kanyang anak.

***7. <u>Ang pananalangin at pagtitiwala sa Dios para sa himala ay ang kailangan natin habang tayo'y naglilingkod sa Panginoon</u>: "19 At sinabi niya sa kaniya, Ibigay mo sa akin ang iyong anak. At kinuha niya sa kaniyang kandungan, at dinala sa silid na kaniyang tinatahanan, at inihiga sa kaniyang sariling higaan. 20 At siya'y dumaing sa PANGINOON, at nagsabi, Oh PANGINOON kong Dios, dinalhan mo rin ba ng kasamaan ang bao na aking kinatutuluyan, sa pagpatay sa kaniyang anak? 21 At siya'y umunat sa bata na makaitlo, at dumaing sa PANGINOON, at nagsabi, Oh PANGINOON kong Dios, idinadalangin ko sa iyo na iyong pabalikin sa kaniya ang kaluluwa ng batang ito. 22 At dininig ng PANGINOON ang tinig ni Elias; at ang kaluluwa ng bata ay bumalik sa kaniya, at siya'y muling nabuhay. 23 At kinuha ni Elias ang bata, at ibinaba sa loob ng bahay na mula sa silid, at ibinigay siya sa kaniyang ina: at sinabi ni Elias, Tingnan mo, ang iyong anak ay buhay. 24 At sinabi ng babae kay Elias, Ngayo'y talastas ko na ikaw ay lalake ng Dios, at ang salita ng PANGINOON sa iyong bibig ay katotohanan." (1 Hari 17:19-24 KJV)*** * Dapat patunayan tayo ng Dios at patunayan ang Kanyang Salita sa mga tao na pinaglilingkuran natin gaya ng ginawa Niya dito sa balong ito gaya ng sinabi niya kay Elias, ***"Ngayo'y talastas ko na ikaw ay lalake ng Dios, at ang Salita ng PANGINOON sa iyong bibig ay katotohanan."*** * Maaring malagay tayo sa ganoong nakakahiyang kalagayan na ang mga taong nagsimulang sumunod sa Dios at tayo ay pinagpala nila ay maaring dumaan sila sa kahirapan, ngunit kailangan nating magtiwala sa Dios at magtiyaga sa ating paglilingkod at patuloy na maglingkod sa mga tao na may kapangyarihan ng Banal na Espiritu at sa pamamagitan ng pananalangin. Tiyak na tutulungan tayo at alalayan tayo ng Dios, at papatunayan Niya ang Kanyang Salita sa Kanyang takdang panahon at sa paraang Kanyang pinili. Isipin na pinatay ng Dios ang anak ng balong iyon kung saan isinugo ng Dios si Elias upang manatili sa kanyang bahay at pakainin niya. Ito ay sobrang nakakahiya at maaring ilagay tayo ng Dios sa gayong mga kalagayan, kaya mas kailangan nating magtiwala sa Dios para sa isang himala.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ngayon ay lumapit sa Panginoon sa pananalangin at pakinggan natin ang Salita ni Jesus at sundin ang Kanyang utos at isagawa ang mga ito sa ating buhay at sa buhay ng mga tao na inaabot natin sa pamamagitan ng ating paglilingkod.
Patuloy tayong maging handa na tulungan ang mga dukha at nangangailangan. Maging handa tayong tumulong sa ibang mga kapisanan ng simbahan na nangangailangan at sa mga banal na nasa pag uusig. Patuloy tayong maging handa na magbigay sa simbahan ng Dios.

Magtiwala tayo sa Dios at sundin ang Kanyang Salita at huwag magtiwala at umasa sa ating sariling kaunawaan. Kaya't italaga natin ang ating sarili na turuan ang mga tao na inaabot natin at maging ang mahihirap sa kanila tungkol sa pagbibigay.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na itinuro sa akin nang malinaw kung gaano kahalaga ang pagbibigay at kung paanong ang mga tao ay pagpapalain kung sisimulan nilang magbigay sa iyo at ang kahalagahan ng pagtuturo sa kanila ng pagbibigay.*

*Ipagtapat at talikdan ang iyong mga kasalanan; talikdan ang iyong pagmamataas at umasa sa iyong sariling kaunawaan, talikdan ang iyong walang kagustuhang magbigay sa simbahan ng Dios at sa mahihirap, talikdan ang iyong walang kahandaang magturo sa mahihirap ng tungkol sa pagbibigay. Panginoon patawarin mo ako, Ipinagtapat at talikura ang sumsunod na mga kasalanan ____________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na ipamuhay ang aking natutunan sa mensahe ngayon. Panginoon ito ang aking pasya na ipinapangako ko ang aking sarili na gawin ____________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tulungan ang mga sumusunod na mahihirap _______________________. at tulungan at alalayan ang sumusunod na mga kapisanan ____________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na turuan ang sumusunod na mahihirap tungkol sa pagbibigay ____________________ , upang makawala sila sa kanilang kahirapan.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na tumugon sa iyong Salita at tumalima na gawin at mamuhay ayon sa iyong kalooban. Panginoon pangunahan sila na pumaroon sa mga tao, lalo na sa mga mahihirap na nangangailangan ng iyong Salita at ng kanilang tulong. Panginoon protektahan sila, ibigay ang lahat ng kanilang kailangan, at bigyan sila ng karunungan at kaalaman kung paanong ilapat ang mensahe sa kanilang buhay at paglilingkod.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan at pangunahan kami na tulungan ang mga kapisanang iyon na nangangailangan at mga banal na pinag uusig. Panginoon gabayan kami na abutin ang mga tao isinusugo kami sa kanila at bigyan kami ng karunungan kung paanong salitain ang iyong Salita at kung paanong maglingkod sa kanila at sa kanilang pangangailangan. Panginoong puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailagan naming pumaroon at mag evangelio at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang maraming mga manggagawa upang magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit, Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 84. Mateo 5:42. Mga Gawa 11:27-30. Roma 15:24-28. 1 Corinto 16:1-4. 2 Corinto 8:1-4, 2 Corinto 9:1-4. 1 Hari 17:8-24. Lucas 4:25-26. Malakias 3:10-12.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com